Tagalog - Filipino

# Calgary Police Service

# Gabay sa mga Bagongdating



# Mga Tanggapan ng Kapulisan sa Calgary

**Calgary Police Service Headquarters Westwinds**
5111 47 St. N.E.
Lunes - Biyernes 7 a.m. - 6 p.m.
Sarado tuwing Sabado, Linggo at mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-2200

**District 1 - Ramsay**
1010, 26 Ave. S.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. – 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6100

**District 2 - Rosscarrock**
4506, 17 Ave S.W.
Lunes - Linggo 8 am. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6200

**District 3 - North Haven**
4303, 14 St N.W.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6300

**District 4 - Franklin**
3207, 12 Ave N.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6400

**District 5 - Saddle Ridge**
800, Saddletowne Circle N.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6500

**District 6 - Fairview**
8325, Bonaventure Drive S.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6600

**District 7 - Country Hills**
11955, Country Village Link N.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6700

**District 8 - Midnapore**
450, Midpark Way S.E.
Lunes - Linggo 8 a.m. - 8 p.m.
Sarado sa mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-6800

**Airport Corporate Centre**
1601 Airport Road N.E.
Telepono: 403-735-1200

**Chinook Centre Mall Community Station**
6455 Macleod Tr. South
Lunes - Biyernes 10 a.m. - 9 p.m..
Sabado 10 a.m. - 6 p.m.
Linggo ay sarado
Telepono: 403-428-5810

**Market Mall Community Station**
3625 Shaganappi Tr. N.W.
Lunes - Sabado 9 a.m. - 6 p.m.
Linggo ay sarado
Telepono: 403-974-0511

**Victoria Park Station**
334 - 11 Ave. S.E. (Downtown)
Lunes - Biyernes 8 a.m. - 5 p.m.
Telepono: 403-428-5500

**CPS Traffic Section**
6528, 11 St. N.E.
Lunes - Biyernes 8 a.m. - 4 p.m.
Sarado tuwing Sabado, Linggo at mga deklaradong piyesta opisyal
Telepono: 403-428-4000

## Panimula

Ang gabay na ito ay magpapaliwanag ng tungkulin ng Kapulisan sa Calgary, kabilang ang:

- Kailan at paano makipag-ugnayan sa pulis
- Ano ang dapat asahan kung nilapitan o tinanong ng pulis
- Pag-iwas sa krimen
- Mga paalala para sa kaligtasan

## Tungkol sa Kapulisan ng Calgary

Ang Calgary Police Service ay ang kapulisan sa munisipyo ng Calgary.

Kami ay nakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya at sa mga mamamayan ng Calgary para protektahan ang mga naninirahan, naghahanap-buhay at bumisita dito upang gawing ligtas at payapa ang syudad hangga't maari.

Ang Kapulisan ng Calgary ay gumagalang sa lahat ng tao, saan man sila nanggaling o gaano man sila katagal ng naninirahan sa Canada.

Tungkulin ng Kapulisan ng Calgary ang:

- Pagprotekta sa buhay at ari-arian
- Pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan
- Paghadlang at pag-iimbestiga ng krimen
- Pagpapatupad ng mga batas pangmunisipyo, panglalawigan at pangpederal

## Makipag-ugnayan sa Kapulisan ng Calgary

**Emergency:** 911
**Hindi emergency:** 403-266-1234
**Website:** www.calgarypolice.ca
**Twitter:** @calgarypolice
**Facebook:** Calgary Police Service

## Ang Grupo ng Iba't Ibang Pinagmulan (Diversity Resource Team)

Diversity Resource Team ang pangunahing kontact ng mga taong may tanging pangangailangan na may kaugnayan sa kanilang kultura. Ang pangunahing binibigyang pansin ng pangkat, ay pagbuo ng ligtas at pinagsamang komunidad, at pakikipagtrabaho sa mga kasamahan sa kapulisan at mamamayan para lutasin ang mga alalahanin ng komunidad sa pamamagitan ng pangangaral o edukasyon at pagbuo ng magandang relasyon sa mga ito.

Ang mga sumusunod na komunidad ay mayroong miyembro ng Diversity Resource Team na nakatalaga sa kanila:

- Aboriginal
- Aprikano
- Caribbean at mga Latino
- Gitnang Silangan at Taga- Europa
- Silangang Asya
- Timog- Silangang Asya
- Mga taong may kapansanan
- Iba't -ibang seksawilidad at kasarian
- Iba't-ibang edukasyon
- Coordinator ng mga krimen (na dahil sa hindi pagsang ayon sa paniniwala, kultura, pinagmulan, sekswalidad, kasarian)

## Paano makikilala ang mga pulis

Ang mga pulis ng Calgary ay nagsusuot ng iba't ibang uri ng uniporme. Lahat ng uniporme ng Kapulisan ng Calgary ay may patch sa balikat na nagsasabing "Calgary Police Service " at ang salitang "POLICE" sa kanilang likuran.

Ang mga sasakyan ng pulis ay mayroong asul at pulang ilaw na nakakabit sa dash at unahang bumper ng sasakyan.

Kung minsan, may makikilala kang pulis na hindi nakasuot ng uniporme. Kinakailangan nilang magdala ng badge at litrato ng pagkakakilanlan. Kung ikaw ay pinahinto o may nagsabi sa iyo na sila ay mga opisyal ng pulis ngunit sa tingin mo ay hindi totoo, maaari mo silang hingan ng pagkakakilanlan.

Sa panahon ng pangangailangan o kung nararamdaman mong ikaw ay nasa panganib tumawag lamang sa 9-1-1.

## Ang iyong mga karapatan sa Canada

Sa Canada, ang Kasulatan ng mga Karapatan at Kalayaan ay bahagi ng ating konstitusyon at ginagarantiyahan nito ng tiyak ang mga karapatan para sa lahat.

Pagdating sa pakikitungo sa kapulisan, ang Kasulatan ay nag-uutos sa kahit sinong opisyal ng pulis na sabihin ang dahilan kung bakit ka pinahinto. Sa oras na ikaw ay inaresto dahil naniniwala silang may nagawa kang krimen, karapatan mong huwag saguting ang kanilang katanungan (subalit kailangan mong magpakilala at sumama ng payapa), karapatan mo ring humingi at makipag-usap sa abogado sa lalong madali at makatwirang panahon.

Ang kapulisan sa Canada ay ang unang hakbang sa sistema ng hustisya. Sino mang inaresto ng pulis o binigyan ng ticket ay tinuturing na inosente hanggang mapatunayan ng korte na ikaw ay lumabag sa batas at nagkasala o umamin sa pagkakasala.

## Paano makipag-ugnayan sa Kapulisan ng Calgary

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Kapulisan ng Calgary upang iulat ang mga krimen o kaduda-dudang aktibidades. Kung may emergency, tumawag sa 9-1-1. Kasali sa emergency ang sumusunod:

- Kapag ang tao ay nasa panganib
- Kung ninakawan at siniraan ng mga ari-arian
- Kung may kasalukyang krimen na nagaganap

Kapag tumawag ka sa 9-1-1, ang operator ay magtatanong ng detalye tungkol sa sitwasyon. Kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles, ipaalam sa operator kung anong wika ang iyong ginagamit at ikokonekta ka nila sa isang interpreter. Kung hindi ka nakakapagsalita at nakakaintindi, ang operator ay agad na magpapadala ng pulis sa kung saan matatagpuan ang teleponong ginamit upang masiguro na ligtas ang lahat.

Ipaliwanag sa iyong mga anak kung paano at kailan tatawag sa 9-1-1.

Kung aksidente mong nai-dial ang 9-1-1, manatili lamang sa linya at ipaliwanag sa operator. Kung ibinaba mo ang telepono, ang pulis ay maaaring personal na rumesponde upang masigurong ikaw ay ligtas.

Kung gustong makipag-usap sa Kapulisan ng Calgary sa hindi emergency na sitwasyon, tumawag sa (403) 266-1234.

Huwag matakot na tumawag sa pulis kung may mga alalahanin tungkol sa kaligtasan. Ang pagtawag sa kanila ay hindi makaka-apekto sa iyong estado ng imigrasyon.

## Mga Taga-pigil ng Krimen (Crime Stoppers)

Ang grupo ng Crime Stoppers ay hindi pangkalakalan. Ang programang ito ay pinapatakbo ng mga nagkakawang-gawa mula sa komunidad. Ang programa ay binuo sa layuning isama ang publiko sa pagsugpo ng krimen.Tinuturuan ng grupong ito ang mga mamamayan kung paano makapagbigay impormasyon sa pulis tungkol sa isang krimen o hinihinalang krimen nang hindi nakikilala. Ang mga impormayon o tip na naibahagi ay garantisadong walang pagkakakilanlan. Ang telepono ng grupo ay walang call display o call trace at hindi nila nire-record ang kahit anong tawag. Ang isang tip ay maaaring isumite sa Crime Stoppers sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

**Pagtawag:**1-800-222-8477
**Pag text:** ttTIPS to 274637
**Pagbisita sa Website:** www.calgarycrimestoppers.org



## Pagmamaneho at batas trapiko

Upang makapagmaneho ng sasakyan sa Canada (kabilang ang kotse, motorsiklo, sasakyang pang-komersiyo), kinakailangan ng balidong lisensiya (karaniwang tinatawag na driver's licence). Ito ay maaaring makuha sa kahit aling tanggpang patalaan ng mga sasakyang de-motor. Ang lisensya sa pagmamaneho ay nakakamit matapos makapasa sa pagsusulit at sa pagmamaneho.

Ang lahat ng sasakyan ay kailangang nakarehistro at insured. Responsibilidad ng drayber na siguruhing nakarehistro at insured ang sasakyan bago imaneho sila man ang may ari o hindi.

## Paglabag sa trapiko

Kung ikaw ay pinahinto ng pulis habang nagmamaneho, dapat huminto sa ligtas na lugar at manatili sa iyong sasakyan maliban kung iba ang iniutos sa iyo. Buksan ang iyong bintana at doon ka kakausapin ng pulis Kung minsan, mahigit sa isang pulis ang magpapahinto ng sasakyan kaya huwag kang magugulat kung may lalapit sa kabilang panig ng sasakyan.

Ayon sa batas, dapat ay ipakita mo ang:

1. Iyong lisensiya
2. Ang rehistro ng sasakyan na iyong minamaneho
3. Ang insurance ng sasakyan na iyong minamaneho

Kabilang sa mga karaniwang paglabag sa trapiko ang:

- Kapag lumampas sa nakatagdang bilis ng pagtakbo
- Kapag hindi huminto sa may mga senyales na dapat huminto
- Abala sa ibang bagay habang nagmamaneho
- Hindi paggamit ng seatbelt

Ipapaliwanag ng pulis kung bakit ka pinatigil. Maaari kang makatanggap ng traffic summons (karaniwang tinatawag na ticket), o babala mula mismo sa bibig ng pulis para sa bawal at mali na iyong nagawa Hindi mo dapat iabot agad ang bayad sa pulis sa panahon na yoon at hindi ka kailanman pwedeng magbigay ng suhol sa mga pulis. Ang kahit anong ticket o summons ay babayaran sa Korteng Panlalawigan, sa isang tanggapan ng lokal na patalaan o online.

Maaari mo ring pangatwiranan ang ticket sa isang panlalawigang hukom na nangangasiwa ng trapiko. Pwede mong ipaglaban ang iyong kaso kung saan ang hukom ay magpapasya kung ikaw ay may sala o inosente sa paglabag sa trapiko. Ang proseso ng korte sa Canada ay patas at lahat ay may karapatang mapakinggan ang usapin tungkol sa trapiko sa korte.

## Pagka-abala habang nagmamaneho

Ang pagka-abala habang nagmamaneho ay iligal sa Alberta. Kasama sa pagka-abala sa pagmamaneho ang mga sumusunod:

- Paggamit ng mga electronic divices tulad ng laptop, cellphone, kamera o paglalaro ng video game
- Pagte text at pag-i-email
- Pagpasok ng impormasyon sa GPS unit
- Pagbasa ng mga naka imprentang babasahin sa loob ng sasakyan
- Pagsusulat at pagguhit
- Pagpapaganda o pag-aayos sa sarili

Ang parusa sa pagka-abala sa pagmamaneho sa Alberta ay multa at tatlong puntos na demerit. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng Transportasyon ng Gobyerno ng Alberta sa http://www.transportation.alberta.ca/distracteddriving.htm

## Pagmamaneho nang wala sa tamang kondisyon

Labag sa batas ang pagmamaneho habang nakainom ng alak at apektado ng droga. Ang drayber ay pwedeng arestuhin at kukunin ng mga pulis ang kanyang sasakyan dahil sa paglabag na ito. Ang pagmamaneho habang wala sa tamang kondisyon ay maaaring magresulta sa pagpataw ng kasong kriminal at suspensiyon ng lisensiya sa pagmamaneho. Ang kaparusahan kapag napatunayang lumabag sa batas ng pagmamaneho na wala sa tamang kondisyon ay magmumulta ng malakig halaga o pagkakulong. Maari ding makumpiska ang iyong lisensya at ang proseso sa pagkuhang muli ay mahirap, magastos at may katagalan.

Ang pagkakaroon ng lisensiya sa pagmamaneho ay isang pribilehiyo at hindi isang karapatan. Maraming batas trapiko sa Alberta at responsibilidad mo bilang drayber na alamin at sundin silang lahat.

## Kaligtasan sa kalsada at ng taong dumadaan

Mahalaga ang maging maingat kapag tumatawid sa kalsada. Laging tatandaan na tumingin sa magkabilang panig bago tumawid at dumaan lamang sa tamang tawiran, at kapag ikaw ay nakasakay sa bisikleta, bumaba ka at ilakad ang iyong bisikleta patawid. Laging magsuot ng helmet kapag sumasakay sa iyong bisikleta. Sa batas, ang lahat ng siklista na mas bata sa edad 18 ay kailangang magsuot ng helmet.

## Pag-iwas sa krimen at ang kaligtasan

Maraming hakbang na maaari mong gawin upang masiguro ang iyong pansariling kaligtasan at maiwasan ang pagiging biktima ng krimen.

### Pansariling kaligtasan

Isipin ang mababawas na peligro kung palaging alerto ang kamalayan sa paligid. Isaisip ang mahahalagang payong ito:

- Huwag magdala ng malaking halaga ng pera o magtago ng mamahaling kagamitan sa inyong tahanan. Gumamit ng banko para masiguradong ligtas ang mga mamahaling gamit.
- Maglakad sa maliwanag at mataong kalsada at magdala ng personal safety alarm o bagay na nagpapaingay.
- Magdala ng cellphone sa lahat ng oras kung maari.
- Kung pakiramdam mo may sumusunod sa iyo, manatili sa mataong lugar at tumawag ng pulis sa (403)266-1234.

Kung ikaw o kung sino man ay malapit sa panganib, tumawag sa 9-1-1.

### Pandaraya at krimeng pang-ekonomiya

Kapag ang isang tao ay nagsinungaling sa iyo upang makumbinsi kang magbigay ng pera o ari-arian (na hindi mo naman ibibigay kung nalaman mo lang ang katotohanan) yoon ay itinuturing na pandaraya. Ang pandaraya ay isang krimeng pang ekonomiya na bumibiktima sa maraming bagong Canadian.

Ang pandaraya ay maraming uri, kabilang ang:

- Ang scam sa Canada Revenue Agency (CRA) kung saan ang mga biktima ay nakakatanggap ng tawag sa telepono mula sa nagpapakilalang "tax collector" Ang taong tumatawag ay tinatakot ang biktima para makakuha ng pera.
- Ang scam ng misteryusong mamimili kung saan ang biktima ay nakakatanggap ng sulat na nagsasaad na sila ay "napili" na makilahok sa isang programa ng mga mamimili.
- Ang sinasadyang pandaraya kung saan ang may-ari ng negosyo, tindero o iba pang tao ay nakakatanggap ng pekeng pera sa halip na totoong pera.
- Pandaraya sa pagbabayad kung saan ang criminal ay nagnanakaw ng mga impormasyon sa credit card o banko para makagawa ng pekeng credit card at makakuha ng pera mula sa biktima.
- Ang investment schemes ay maraming uri kasama na dito ang pang-eengganyo ng criminal sa mga tao na mamuhunan sila sa isang negosyo, proyekto o real estate.

Upang maprotektahan ang iyong sarili mula sa mga pandaraya at krimeng pang ekonomiya, isaisip ang mga payong ito:

- Kapag binigyan ka ng debit card (bank card) mula sa iyong banko, ikaw ay magkakaroon ng PIN. Kakailangananin mo ito para makompleto ang transaction. Tungkulin mong protektahan ang PIN at huwag mo itong ibahagi kahit kanino.
- Huwag kang mamuhunan ng pera kapag hindi ka nakakasiguro at kung ito ay hindi maliwanag at nakakalito.
- Huwag  pumirma sa isang kontrata o dokumentong pang pinansyal kung sa tingin mo ay may mali.
- Huwag mong ibibigay ang iyong personal na impormasyon sa kahit kanino, sa kahit anong organisasyon na alam mo.
- Ang Canada Revenue Agency ay hindi nakikipag-ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng telepono upang hingin ang bayad sa buwis. Huwag kang sasagot sa mga hiling at makipag-ugnayan sa pulis upang iulat ang insidenteng may isang taong nagpapahayag na mula sa gobyerno at nang-hihingi ng pera.
- Kung ikaw ay may duda sa katunayan ng pera o tsekeng tinanggap, hindi mo kailangang tanggapin ang mga ito. Kung may pagdududa, makipag-ugnayan sa iyong lokal na banko o sa pulis.

## Ang Cybercrime

Ang cybercrime ay isang krimen na nagagawa gamit ang computer at ang inter-net. Kasama sa mga cybercrime ang mga scam na may kaugnayan sa malware o hacking, sexting at pornograpiya.

Upang protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya mula sa mga scam sa pamamagitan ng interenet at email:

- Huwag kailanman magbubukas ng mga attachment o magkiclick ng mga link mula sa di kilalang pinagmulan. Maaaring nagtataglay ang mga ito ng mga virus na pwedeng makasira sa iyong computer.
- Maging mapaghinala sa mga email na humihingi ng iyong password o ibang personal na impormasyon. Ang mga lehitimong organisasyon ay hindi hihingi ng mga impormasyong ito sa pamamagitan ng email.
- Gumamit ng anti-virus program, firewall, spam blocker at anti-spyware software sa iyong computer. Siguruhin na panatilihing bago ang iyong mga software.
- Laging maglog-out mula sa iyong email kapag tapos ka na sa iyong ginagawa.
- Huwag magpadala ng mga sensitibong litrato, personal, pinansiyal o lihim na impormayon sa pamamagitan ng email o sa instant message.

## Pagprotekta ng mga bata sa internet

Kung ikaw ay may mga anak, panatilihin silang ligtas online sa pamamagitan ng mga payong ito:

- Panatilihing bukas ang mga linya ng komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at mga anak.
- Panatilihin ang iyong computer na may access sa internet sa isang bahagi ng inyong tahanan kung saan makikita mo ang ginagawa ng iyong mga anak at limitahan ang access sa internet kapag walang namamala.
- Siguruhin na ang iyong mga anak ay alam na hinding-hindi sila dapat, kahit na sa anong kalagayan, magbigay ng personal na impormasyon sa internet, maging ito man ay sa mga chat room, mga survey o sa mga website. Hindi sila dapat na pumayag na makipagkita sa taong nakilala nila sa internet.
- Payuhan ang iyong mga anak na tumigil agad sa paggamit ng internet at agad kayong sabihan kung may makikita o mababasa na nakakasama ng loob sa kanila.

Kung ikaw o ang iyong anak ay naging biktima ng isang online na krimen, mangyaring tumawag sa Calgary Police Service sa hindi pang emergency na numero sa 403-266-1234 upang iulat ang krimen. Ang online na sekswal na pagsasamantala ng mga bata ay dapat agarang iulat sa Kapulisan ng Calgary. Tumawag sa 9-1-1 para sa kahit anong krimen na nagaganap o mga kalagayang nagbibigay panganib sa buhay, maaari mo ding iulat ang mga ganitong krimen nang hindi nagpapakilala sa Canadian Centre for Child Protection.



## Karahasan sa tahanan

Sa Canada, iligal na saktan nang pisikal ang miyembro ng pamilya at ang sirain o nakawin ang pag-aari ng nakakatandang miyembro ng pamilya. Habang ang batas ay nagbibigay ng kalayaan sa mga magulang na disiplinahin ang kanilang mga anak, may mga limitasyon sa mga uri ng disiplina na tinuturing na makatwiran.

Iligal din na magkaroon ng relasyong sekswal sa kahit sino, maliban kung may pahintulot, kahit pa sa mag-asawa o nagde date pa lamang.

Ang Kapulisan ng Calgary ay rumeresponde at iniimbistigahan ang lahat ng mga naiulat na insidente ng karahasan sa loob ng pamilya o relasyong pantahanan. Kabilang sa mga relasyong ito ang:

- Relasyon ng mag-partner. Dati at kasalukuyang kinakasama
- Relasyon ng dalawang tao na hindi kasal. Nakaraan at kasalukuyan
- Pangkasalukuyan at datihang relasyong mag-asawa
- Malapit at malayong miyembro ng pamilya (tulad ng mga anak, magkakapatid, lolo at lola)

Kasali rin sa relasyong pantahahan ang mga matatanda na may edad 65 pataas at ang mga malapit at malayong miyembro ng pamilya.

Ang abusong pantahanan ay maraming uri at hindi lamang nababatay sa karahasan. Kabilang sa ibang uri ng abuso ay sekswal, pinansiyal, pagbabanta, pananalita at emosyonal. Kabilang din sa mga abusong pantahanan ang mga kaso tulad ng:

- Ang nanay o tatay na inilalayo ang mga anak sa kanilang nanay o tatay (depende kung sino sa magulang ang gumawa ng bawal)
- Pagbuntot o pananakot
- Karahasang batay sa paggalang (Honour Based Violence): isang krimen na nagawa upang protekthan o ipaglaban ang dangal ng pamilya o komunidad

Ang Kapulisan ng Calgary ay mayroong sangay para sa mga alitan sa tahanan (Domestic Conflict Unit) na dalubhasa sa pagpigil, pagbawas at pagpapatupad ng mga batas hinggil sa mga karahasang pantahanan. Ang abusong pantahanan ay hindi lamang para sa mga babaeng biktima kundi kabilang din ang mga lalaki, mga kabataan at nakakatanda ay maari ding maging biktima.

Ang Kapulisan ng Calgary ay hinihikayat ang kahit sinong nakakaranas o nakakasaksi sa pantahanang karahasan o inaabuso na lumapit sa pulis, mga pagamutan o sa kahit saang sangay ng panlipunang ahensya sa Calgary para sa suporta, payo at tulong. Maraming propesyonal na handang tumulong sa iyo sa kritikal na panahon; ang mga tulong na ito ay maraming uri mula sa pag-iimbistiga ng pulis sa usaping kriminal at ibang ahensya na tumutulong at sumusuporta sa pamilya na dumaranas ng matinding pagsubok.

**Abuso sa nakatatanda at kanilang kaligtasan**

Kabilang sa mga abuso sa nakatatanda ang pagpapabaya, pisikal na pang aabuso, sekswal na pang aabuso, at iba pang anyo ng karahasang pantahanan. Ang mga anyong ito ng pang aabuso ay nakaka-apekto sa mga matatanda (may edad 65 pataas). Isa sa mga pangkaraniwang anyo ng pag-abuso sa mga nakatatanda ay ang abusong pinansiyal. Kabilang dito ang pandaraya at mga scam upang maka-kuha ng pera sa mga nakakatandang mamamayan.

Kabilang sa ilang ehemplo ng mga scams ay:

- Pagsasa-ayos ng tahanan (Home Improvement) scam kung saan ang mga mandarayang kontratista ay umaayong gumawa ng pagsasa-ayos ng tahanan subalit matapos makuha ng paunang bayad, hindi nila tatapusin ang gawain at/o maglalaho na sila.
- Ang lolo at lola (grandparenst) scam kung saan ang mga kriminal ay tatatwag sa mga lolo at lola na naaksidente ang kanilang apo sa labas ng Calgary at nangangailangan ng pera.
- Ang romantikong (romance) scam kung saan ang isang manloloko ay mambibihag ng isang nakatatanda sa pamamagitan ng pangakong pag-ibig gayong ang tunay na pakay ay nakawin ang kanilang pera.
- Ang lottery scam kung saan may tatawag at magsasabing ang nakatatanda ay nanalo sa isang patimpalak pero kailangang magbayad muna ng ilang halaga upang makuha ang premyo.

Kabilang sa pag-aabuso sa mga nakatatanda ang emosyonal, pisikal, sekswal at abuso sa paggagamot. Ang ilang halimbawa ay kabilang ang mga sumusunod:

- Pagtangging makalapit sa mga apo
- Pagsampal
- Kawalan ng privacy
- Sobrang paggagamot
- Pagtanggi sa mga gustong bumisita

Para makatulong sa mga karahasang pangtahanan o abuso sa mga nakatatanda maaari kayong makipag-ugnayan sa:

**Pulis/ambulansya/ fire emergency line:** 911
**Hindi-emergency na linya ng pulis:** 403-266-1234
**Distress Centre:** 403-266-4357
**Calgary Connect:** 403-234-7233 (Calgary), 1-866-606-7233 (Alberta)

## Mga gang at organisadong krimen

Ang gang ay isang organisasyon, asosasyon, o grupo na kasangkot sa madalas na gawaing kriminal (o suspetsang gawaing kriminal). Karamihang gang sa Calgary ay binubuo ng mga young adults. Ang mga gang sa Calgary ay gumagalaw sa buong siyudad at walang partikular na teritoryo. Ang kanilang pangunahing kinasasangkutan ay ang pagbebenta ng droga, kabilang ang crack cocaine, crystal meth, ecstasy at marijuana. Gayon din, ang kanilang mga krimen ay kinasasangkutan ng pagnanakaw ng impormasyon sa credit card at ang paggamit ng mga sandata. Ang mga gang ay gagamit ng mga sandata at karahasan upang mapaganda ang kanilang reputasyon at ang kanilang mga gawaing kriminal.

Kabilang sa ilan sa mga senyales na ang mga kabataan ay sangkot sa gang ay:

- Nagpapakita sila ng kakaunting interes sa mga gawain ng pamilya
- Mayroon silang pagbabago sa asal o kakaibang mga kaibigan
- Mayroon silang malalaking halaga ng pera o mamahaling bagong damit o mga pagmamay-ari na hindi maipaliwanag kung saan nanggaling

Mga payo upang maiwasan ang pagkakasangkot ng iyong anak sa gang ay:

- Pagpaplano ng oras para sa pamilya
- Isa isang paglalaanan ng oras ang bawat anak
- Turuan ang mga anak  sa mga paraan nang pagtrato sa peer pressure
- Kilalanin ang mga kaibigan ng iyong anak at ang kanilang mga magulang
- Pagtuturo ng mabuti sa iyong mga anak sa murang edad
- Pagbuo ng kumpiyansa ng iyong anak at kakayanan na makisalamuha

Kung ikaw o ang mahal sa buhay ay nangangailangan ng tulong para makalabas sa gang, mangyaring makipag-ugnayan sa linya ng Gang Help sa 403-428-8191.

## ReDirect

Ang ReDirect ay programang nagtuturo at pumipigil sa mga kabataan na umiwas sa maling pagtuturo bago pa sila maimpluwensyahan ng mga maling ideyolohiya o intensiyon ng exrtremist .

**Pagiging radikal at extremist**

- Nagaganap kapag ang isang tao o grupo ay magtatangkang magkaroon ng politikal o panglipunang pagbabago sa pamamagitan ng pagsuporta sa paggamit ng karahasan upang makamit ang mga layunin.
- Hindi umaayon sa batayan at matuwid na mga prinsipyo ng demokrasya.
- Hindi limitado sa kahit anong demograpiko (populasyon base sa edad, kultura kasarian), komunidad o pang-kulturang mga grupo.
- Maaaring mangyari dahil sa maling paniniwala, adhikain at prinsipyo.

May mga ilang palatandaan na mahirap unawain na ang kabataan ay nagiging mahina at maaaring nadadala na sa pagiging radikal o extremist. Maaaring napansin mo na may pagbabago sa iyong kaibigan o mahal sa buhay at hindi mo lang alam ang gagawin. Makatutulong ang ReDirect.

Ang proseso ng pagre-refer ay mahigpit na inililihim. Ang mga kabataan na nasa kalinga ng ReDirect ay hindi hinuhusgahan ng masama dahil sa pagsali sa kanila.

Para sa karagdagang impormasyon sa ReDirect, bumisita sa www.redirectprogram.ca.

## Mga droga at paggamit ng droga

Ang Canada ay may mahihigpit na mga kautusan sa droga. Karamihan sa mga droga ay ipinagbabawal at mapaparusahan ng batas. Ang pagkakaroon, pagbebenta o paggawa ng droga ay maaaring humantong sa pagkakaroon ng rekord na kriminal at posibleng pagkakakulong. May mga bansang hindi pinapapasok o tumatanggap sa mga taong nasasangkot sa droga.

Ang paggamit ng droga ay hindi sa walang panganib. Nakakasira ito ng buhay hindi lamang sa gumagamit ngunit pati na rin ang mga kaibigan, ang familya at ang komunidad. Ang paggamit ng droga ay nakakasira sa halos lahat ng parte ng iyong katawan. Kabilang sa ilang mga epekto ay ang panghihina ng immune system, sakit sa puso, pagkasira ng atay, pangingisay o panginginig, stroke at pagkasira ng utak. Nanganganib din na mawala ang alaala, pagpapakamatay, depresyon, hallucination, overdose at kamatayan.

Maraming anyo ang droga kabilang ang pills, pulbos, likido, candy o halaman. Hindi laging maliwanag kung ano ang nilalaman ng droga. Maaring hindi mo iniinom ang akala mong iniinom mo. May ilang droga na gawa sa mapanganib na sangkap tulad ng antifreeze.

Samantalang hindi lahat ng droga ay nakakasama, may mga droga na may riseta na mapanganib kung hindi iinumin nang ayon sa utos ng propesyonal sa medisina. Kung hindi iinumin nang tama, ang niresetang gamot ay maaaring humantong sa sakit na palaasa sa gamot (physical dependence) at pagkagumon. Makipag usap sa iyong doktor o propesyonal sa medisina na lisensiyadong magbigay ng gamot bago inumin ang niresetang gamot.

Kung may napapansin kang kakaibang ugali ng pamilya at kaibigan, at sa iyong tingin sila ay gumagamit ng droga, o kung sa tingin mo ikaw ay gumagamit ng labis, makipag-usap sa propesyonal sa medisina.

Kung nakakakita ka ng mga nagbebenta ng droga sa inyong lugar, makipag-ugnayan sa pulis o sa Crime Stoppers.

## Serbisyo para sa mga biktima

Ang Calgary Police Service Victim Assistance Support Team (VAST) sy sumusuporta sa mga biktima ng  krimen at trauma. Ang VAST ang pinagkukunan ng suporta ng libu-libong mga biktima ng krimen at trahedya sa Calgary simula noong 1977. Ang kanilang tungkulin ay mabawasan ang bigat ng iyong dinadala dahil sa karanasan sa krimen o trahedya sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang emosyonal, pakikinig, at maging ang praktikal na pagtulong tulad ng pagre-refer sa mga sangay sa komunidad, paghahanda sa pagtestigo sa korte at pagsama sa mga unang paglilitis. Ang lahat ng serbisyo ay libre at inililihim.

Maaari kang makipag-ugnayan sa call centre upang makausap ang isa sa mga Victim Support Advocates.  Ang Victim Support Advocates ay mga volunteers na nagbibigay ng contact sa telepono sa mga biktima ng personal na krimen o trahedya.

**Telepono: 403-428-8398**
**Lunes – Huwebes 8 a.m.-9 p.m.**
**Biyernes 8 a.m. – 4 p.m.**

## Sariling Pagrerehistro ng mahinang tao

Ang Kapulisan ng Calgary ay lumikha ng isang database kung saan ang mga tao ay maaaring magparehistro kung sila ay may pisikal, mental o medikal na kondisyon, o may iba't ibang kapansanan sa pag-iisip at pisikal na nangangailangan ng espesyal na atensyon sa isang emergency.

Kung ikaw ay mahinang tao o nag-aalaga ng isang mahinang tao, kailangan ka naming magbigay ng impormasyon. Ang iyong privacy ay proprotekahan at ang impormasyon na iyong ibibigay ay gagamitin lamang ng mga taong magresponde para tulungan ka o ng iyong mahal sa buhay kapag kayo ay nasa panganib.

Ito ay sariling pagrerehistro kaya ang tao o ang kanyang tagapag-alaga ay kailangang ilagay ang kanilang impormasyon sa sistema at ito ay dapat madalas na i update. Ang impormasyon sa pansariling rehistro ay magagamit lamang kung ang mahinang tao ay nasa panganib o nasa kagipitan dahil sa masamang pangyayari. Ang Kapulisan ng Calgary, Mga Bombero at Emergency Medical Services, kilala rin bilang paramedics ay magkakaroon ng access sa impormasyon at ito ay pangangalagaan ng Kapulisan ng Calgary. Hindi ito gagamitin kung may imbestigasyong kriminal.

Ang karagdagang impormasyon ay maaaring matagpuan sa www.calgary.ca/disabilityvpr o ang pagi-email sa vulnerablepersons@calgarypolice.ca.

## Pagre-recruit

Nais ng Calgary Police Service Recruiting Unit na ang Organisasyon ay isalarawan ang iba't ibang mga komunidad na pinaglilingkuran nito. Ang CPS ay aktibong naghahanap ng mga aplikante mula sa iba't ibang komunidad na may iba't ibang karanasan at kakayanang magsalita ng iba't ibang wika.

Kabilang sa mga kwalipikasyon ang mga sumusunod:

- Diploma ng Grade 12 o katumbas nito ( Kung ang iyong edukasyon ay galing sa ibang bansa, mangyaring magpa assess sa International Qualifications Assessment Service (IQAS) http://work.alberta.ca/immigration/international-qualifications-assessment-service.html )
- Sa panahon ng pagsumite ng aplikasyon, ang Canadian citizen,nakakuha ng immigrant status o permanent resident status ay dapat nakatira sa Canada o Estados Unidos sa loob ng tatlong taon
- Dapat 18 taong gulang

Para sa karagdagang impormasyon:

**Telepono :** 403-428-8483 o 1-866-277-4473
**E-mail:** cpsrecruiting@calgarypolice.ca
**Website:** join.calgarypolice.ca

Maaari ka ring dumalo sa aming sesyon ng pagbibigay impormasyon na nakalista sa aming website.

Hinihikayat namin ang kung sino mang may katanungan na makipag-ugnayan sa amin, maging yoong mga interesado sa pag-aapply, mga nagtatanong tungkol sa trabaho ng pulis o kahit ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya na interesado sa pag-aapply.

## Kabataang interesdo sa pagpupulis

May tatlong programa para sa kabataan na interesado sa Kapulisan ng Calgary:

- Ang Calgary Police Auxiliary Cadet Program
- Ang Calgary Police Cadet Corps
- Ang Junior Police Academy

## Ang Calgary Police Auxiliary Cadet Program

Ang Calgary Police Auxiliary Cadet Program ay para sa 18 taong gulang pataas, na may interes sa pagpupulis bilang propesyon.

Ang Auxiliary Cadet program ay isang kakaibang trabaho at programa ng pagsasananay sa loob ng Kapulisan ng Calgary na nagbibigay sa mga tao ng oportunidad na makapagtrabaho para sa Kapulisan ng Calgary kasama ang mga sumumpang pulis sa mga Tanggapan ng Kapilisan. Ang Auxiliary Cadet Program ay katulad ng internship pero may bayad na nagbibigay ng kaalaman sa pagpupulis habang kumikita ng pera at tumatanggap ng mahalagang pagsasanay.

Ang Auxiliary Cadets ay dumadalo sa limang linggong pagsasanay na may bayad sa Calgary Police Service Chief Crowfoot Learning Centre, kung saan sila ay nakakatanggap ng batayang pagtuturo sa kakayahang makipag-usap, pagsusulat ng report, pagtatala at pagkuha ng impormasyon tungkol sa pagpupulis sa komunidad na magbibigay kakayanan sa kanila upang tuparin ang mga responsibilidad sa District front counter. Ang Auxiliary Cadets ay nagkakaroon din ng pagsasanay sa pisikal na kalusugan.

Ang Auxiliary Cadets ay tumutulong sa mga nanumpang opisyal ng pulis sa pag-uulat ng disgrasya sa kalsa, pagbibigay sa publiko ng impormasyon at direksiyon tungkol sa pangkalahatang pagtatanong at pagsisimula ng pag-uulat sa mga pangyayari upang tulungan ang mga nanumpang miyembro ng Kapulisan gn Calgary sa panahon ng pag-uulat.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.calgarypolicecadets.ca.

## Ang Calgary Police Cadet Corps

Ang Cadet Corps ay isang programa para sa kabataan na base sa mga programa ng Canadian Military Cadet.

Ang Calgary Police Cadet Corps ay nagbibigay sa mga kabataan ng oportunidad para makilahok sa isang kapaligiran ng mabuting pangkat habang nararanasan ang mundo ng pagpupulis. Ang pinagtutuunan ng pansin ay pagpupulis habang binibigyan ang kabataan ng pagkakataong mamuno, pagkamamayan, edukasyon, pisikal na kalusugan, magandang samahan at mga karanasan na sumusuporta sa kanilang personal na pag-unlad. Ang kabataan na sasali sa Corps ay mapapa-unlad ang panlipunan, pang-akademya at pisikal na kakayahan, na lumilikha ng taong may kompiyansa sa sarili at respeto. Ang mga miyembro ay pumapatnubay sa mga kasama  hindi lamang sa mga kilos at salita, kundi sa pamamagitan ng kanilang presensiya. Ang Calgary Police Cadet Corps ay resulta ng paghihirap ng mga miyembro ng CPS upang linangin at ipatupad ang mga programa na aakit sa mga kabataan sa ilan at iba't ibang antas. Libre ang pagsali sa Calgary Police Cadet Corps at ibinibigay ang uniporme at mga kagamitan ng walang bayad.

**Ang Junior Police Academy**

Ang isang linggong Junior Police Academy ay nagbibigay sa kabataan na may edad 12 hanggang 16 ng pagkakataong matututo kung paano maging isang pulis. Ito ay pinatatakbo ng tatlong beses sa isang taon, habang nakabakasyon mula sa paaralan sa spring at dalawang beses sa summer.

Ang mga kabataan sa Junior Police Academy ay nakikita ang totoong buhay at mga ginagawa ng isang pulis ng Calgary. Nagkakaroon sila ng malapitang pananaw sa maraming aspeto ng kapulisan, kabilang ang:

- HAWCS helicopters
- Police firearms range
- Outdoor pursuit driving track
- Drug Unit
- Crime Scene Unit
- Tactical Team
- Traffic Unit at iba pa

Ang isang linggo ay nagtatapos sa pagmamartsa ng mga bata sa isang parada at ang pagtanggap nila ng kanilang katibayan.

Para i-refer ang isang bata, magpadala ng application form at sanaysay (na hindi hihigit sa 250 salita) na nagsasaad kung bakit gusto niyang sumali. Ang application form at impormasyon ay makikita sa www.calgarypolice.ca.

Para sa karagdagang impormasyon, mag-email sa YouthMentorship@calgarypolice.ca.

## Papuri o alalahanin tungkol sa Kapulisan ng Calgary

Pinahahalagahan ng Kapulisan ng Calgary ang mga feedback tungkol sa serbisyong ibinibigay sa mga mamamayan ng Calgary. Kung ikaw ay may magandang karanasan sa Kapulisan ng Calgary, mangyaring ipaalam sa aming mga empleyado na nasisiyahan ka sa kanilang dakilang ginagawa. Maaari mong ibahagi ang mga papuri o iulat ang kahit anong alalahanin na mayroon ka tungkol sa mga patakaran, serbisyo o ang mga ginawa ng isang opisyal ng pulis sa Professional Standards Section. Maaaring makipag-ugnayan sa Professional Standards Section sa pa- mamagitan ng email sa PSS@calgarypolice.ca o tumawag sa telepono 403-428-5904.

Ang mga papuri at pag-aalala ay maaaring ibahagi nang personal sa mga sumusunod na direksyon:

Calgary Police Service
Professional Standards Section #811
Westwinds Campus East Building
5111 47 St NE
Calgary, AB T3J 3R2
Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 4 p.m.

O

Calgary Police Commission
Suite 650, 615 Macleod Tr. SE
Calgary, AB T2G 4T8

Ang mga papuri at alalahanin ay maaaring ibahagi online sa pamamagitan ng pag-iemail sa pss@calgarypolice.ca o ang pagbisita sa http://www.calgarypolice.ca.

## Mga pinagkunan

### Calgary Police Service

Police/Ambulance/Fire emergency line.........................................................9-1-1
Calgary Police Service non-emergency line.......................................403-266-1234
Gang help line ..............................................................................................403-428-8191
Victim Assisstance Support Team.........................................................403-428-8390
Recruiting...............................................................403-428-8483 o 1-866-277-4473

### Calgary & Alberta Resources

211 Alberta (para sa serbisyong panglipunan)...................................................2-1-1
311 Calgary (24 oras)...................................................................................3-1-1
Health Link (24 oras).....................................................................................8-1-1
Distress Centre..................................................................................403-266-4357
Connect family and sexual abuse network (24 oras)...........................403-234-7233
Kerby Elder Abuse Line (24 oras) ....................................................... 403-705-3250
Calgary Counselling Centre ..............................................................403-691-5991
Kids Help Phone..............................................................................1-800-688-6868
Immigrant Services Calgary..................................................................403-266-2486
Calgary Immigrant Women's Association ............................................403-263-4414
Centre for Newcomers .......................................................................403-569-3325

CALGARY POLICE DIVERSITY RESOURCE

CALGARY POLICE SERVICE